SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG OKTUBRE 06, 2025, LUNES, IKA-09:18 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Norman T. Tolentino | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Jericho V. Asinas | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Louie C. De Leon | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ..... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Mark Anthony M. Juangco | ..... | Kagawad/ SK Federation President |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Roselon F. Pamatmat | ..... | Kagawad |

SANGGUNIANG BAYAN OFFICE RECORDED 14 OCT 2025 Santa Cruz, Laguna

SANGGUNIANG BAYAN OFFICE RELEASED 14 OCT 2025 Santa Cruz, Laguna

**KAPASIYAHAN BLG. 354- T2025**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KARAGDAGANG BADYET NG BARANGAY SANTISIMA CRUZ, SANTA CRUZ, LAGUNA NA PINAGTIBAY SA BISA NG KAPASIYAHAN BLG. 38-T2025 / KAUTUSAN SA LAANG GUGULIN BLG. 03-T2025 NA MAY KABUUANG HALAGANG P415,197.93 MULA SA SURPLUS 2024 UPANG ILAAN PARA SA FUEL, OIL AND LUBRICANT (P100,000.00); ELECTRICITY EXPENSES (P260,000.00); REPAIR AND MAINTENANCE – TRANSPORTATION EQUIPMENT (P55,197.93) NG BARANGAY.**

**SPONSOR : KGG. RIZALDY N. KALAW**

**SAPAGKAT,** may kahilingan ang Sangguniang Barangay ng Santisima Cruz na pinagtibay sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 38-T2025 / Kautusan sa Laang Gugulin Blg. 03-T2025 na may kabuuang halagang P415,197.93 mula sa Surplus 2024 upang ilaan para sa mga proyektong nakasaad sa itaas nito;

**SAPAGKAT,** ang naturang kahilingan ay iniliwat sa mga Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan at Lupon sa Barangay Affairs para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKAT,** matapos ang pagsusuri at pag-aaral ay iminungkahi ng Kasapi ng nasabing lupon na pagtibayin na ito.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan), na pinangalawahan ng lahat ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG**: Pagtibayin ang Karagdagang Badyet ng Barangay ng Santisima Cruz, Santa Cruz, Laguna na pinagtibay sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 38-T2025 / Kautusan sa Laang Gugulin Blg. 03-T2025 na may kabuuang halagang P415, 197.93 mula sa Surplus 2024 upang ilaan para sa Fuel, Oil and Lubricant (P100,000.00); Electricity Expenses (P260,000.00); Repair and Maintenance – Transportation Equipment (P55,197.93) ng barangay.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Administrador, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos, Pambayang Tagapagbalangkas at Tagapag-ugnay sa Kaunlaran at Sangguniang Barangay ng Santisima Cruz, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Oktubre 06, 2025**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**AMYCAR O. SANTOS**
Gumaganap na Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. JOSEPH KRIS BENJAMIN B. AGARAO**
Punong Bayan